

International Behavior Therapist

Mga Kinakailangan



Isinalin ni
Princess Acosta

International Behavior
Analysis Organization
2021 v100

Mga Kinakailangan para Makuha ang IBT Certification


01

Ang International Behavior Therapist (IBT) ay ang sertipikasyon na nakuha niyaong karaniwang nagbibigay ng implementasyon ng edukasyon sa paggawi, suporta, at mga serbisyong idinisenyo ng mga tagasuri sa paggawi. Ang mga kinakailangan upang maging IBT ay nasa limang kategorya. Ang mga ito ay pagpaparehistro, pagkumpleto sa mga kinakailangan sa edukasyon, pagsasagawa ng pamamanihala, Candidate Skills Testing, at pagpasa sa IBT online exam.



Pumunta sa www.theibao.com
at gawin ang iyong candidate
account.

Magrehistro at magbayad ng
mga bayarin



Kumpletuhin ang 40 oras
na pagsasanay sa IBT na
nilalamang pang-
edukasyon



Candidate Skills
Testing



300 Oras ng
Pamamanihala



The IBT Online Exam

Mga Kinakailangan para Makamit ang International Behavior Therapist Sertipikasyon.

02

Diploma ng Highschool

(o Katumbas na Pang-rehiyon)

**Magrehistro sa IBAO at magbayad,
lagdaan ang form ng Kasunduan sa Etika**

Kumpletuhin ang
kinakailangan na 40 Oras
ng Inaprubahang
Pagsasanay

Pumili ng superbisor at
lagdaan ang kasunduan

Kumpletuhin ang
Candidate Skills Testing

Kumpletuhin ang 4 na oras
ng Patuloy na Pag-aaral

Kumpletuhin ang 300
Oras ng Kontroladong
Pagsasanay

Tumanggap ng 10 Oras
ng Pangangasiwa

Pumasa sa IBT Exam

Ang IBT Training Content ay kinakailangan para makaupo sa IBT Exam. Ang nilalaman ng pag-aaral ay hindi bababa sa 40 oras ng ABA at nauugnay na impormasyong kailangan upang magsimulang masanay bilang isang certified IBT. Kasama sa nilalaman ng pagsasanay ang impormasyong may kaugnay sa:


- Mga Kapansanan
- Mga Pangunahing ugali
- Koleksyon ng datos
- Pagtulong sa mga Pamamaraan sa Pagtaya
- Mga Kasanayan sa Pagtuturo
- Mapanghamong mga Paggawi
- Propesyonalismo

Ang mga kasanayan at konsepto na kailangan para sap ag-aaral ay makikita sa IBT Training Content at sa dokumentasyon ng IBT Expanded Training Content na maaaring i-downloas sa website ng IBAO, www.theibao.com.

Ang 40 Oras na Pagsasany ay makukuha mula sa maraming pinagmumulan bagaman karaniwan na, ang isang tagapaglaan ay naghaharap ng lahat ng impormasyon. Ang paggamit ng maramihang mga tagapaglaan ay di angkop at karagdagang dokumentasyon sa bawat bahagi sa nilalaman ay nakuha.

Bagaman ang 40 Oras na Pagsasanay ay natapos sa loob lamang ng isang linggo. Ang pagsasanay ay karaniwan nang mangangailangan ng 2 hanggang 10 linggo pang matapos.

Kapag natapos na, ang kandidato ay kailangang mag-upload ng katibayan ng pagtapos ng 40 Oras na Pagsasanay sa kanilang online account.



Ang mga Tagasuri ng Paggawi na naglilingkod bilang isang superbisor ay may napakahalagang papel sa pagpapaunlad ng isang IBT, sa larangan ng pagsusuri sa paggawi na ikinakapit, sa lumalaking pagkaunawa sa kung ano ang kahulugan ng pagsasanay sa ABA sa buong daigdig. Sa pamamagitan ng mahigpit na pangangasiwa, etikal na patnubay, at malawak na kaalaman, matutulungan ng isang superbisor na lumago ang isang IBT.

Dahil sa ang ABA ay umuunlad sa iba't ibang bahagi ng daigdig, ang isang pamantayan para sa mga kahilingan ng superbisor ay hindi angkop sa bawat kandidato sa buong daigdig. Dahil dito, and IBAO ay gumagawa ng iba't ibang mapapagpilian upang matiyak ang pakikibagay at kakayahan ng pagiging isang superbisor para sa isang kandidato ng IBT.

Mga Partikular na Kinakailangan

Kakailanganin ang isang audit ng mga kredensiyal ng superbisor para sa 10% ng lahat ng superbisor upang matiyak na naaabot ng mga superbisor ang espesipikong mga kahilingan ng IBAO.

Kailangang makamit ang isang superbisor ang ISA sa sumusunod:

1. IBA sa mabuting katayuan
2. Ang kredensyal mula sa iba pang lupon na may mabuting katayuan (mga halimbawa: BCBA, BCBA-D, QABA estado/rehiyonal/nasyonal na lisensya bilang isang taga-analisa ng ugali)
3. Nagtataglay ng Masters o Doctoral degree mula sa IBAI- accredited program
4. Nagtataglay ng Masters o Doctoral degree mula sa isang kaugnay na disiplina, matagumpay na pagtatapos ng IBA Required Objectives, o katumbas nito.
5. *Nagtataglay ng isang Masters o Doctoral degree nang may 5 o higit pang taon nang direktang trabaho sa ABA

Kasunduan sa Pangangasiwa ng IBT



PETSA: _____

Inilalarawan ng kasunduang ito ang kaugnayan, mga papel, at mga inaasahan para sa pinamahalaang gawain ng Applied Behavior Analysis (ABA) sa pagitan _____ ng kandidato ng IBT (ang pinapangasiwaan) at _____ ng superbisor.

Ang pangangasiwa sa isang kandidato ng IBT ay isa sa pinakamahalagang katangian ng sertipikasyon ng IBT. Ang proseso ay nakapagtuturo at nagbigay sa kandidato ng malinaw na mga pagkakataon sa pagpapatupad at pagsasagawa ng mga kasanayang kasuwat o ng nilalaman ng IBT sa 40 oras na pagsasanay.

Ang kabuuang kontroladong gawain ay binubuo ng 300 oras kung saan ang pangangasiwa ay nagaganap sa loob ng 1 oras sa bawat 30 oras na pagsasanay. Ang kabuuang bilang ng mga oras ng pangangasiwa ay 10. Ang 300 oras ay maaaring matapos sa loob lamang ng 10 na linggo o sa loob ng 24 na buwan. Ang mga kandidatong nangangailangan ng mahigit 24 na buwan mula nang maitala ay kailangan kumontak sa info@theibao.com.

Sakop ng yugto ng kontratang ito ang pets na _____ at _____.

Ang pagsubaybay ay maari lamang tanggapin sa loob ng mga oras kapag ang isang pinamunuang kasunduan ay nasa lugar. Mahalaga na ang anumang mga pagbabago sa ugnayan ng pangangasiwa ay kaagad na mabago sa website ng IBAO upang ang lahat ng oras ng pageensayo ay mabilang sa kinakailangang kabuuan.

Kailangang maabot ng mga superbisor ang mga kuwalipikasyong nakasaad sa listahan ng IBA Supervisor Qualification.

Ang mga superbisor at mga kandidato ay kailangang mangasiwa sa lahat ng gawain, serbisyo, at pangangasiwa ayon sa mga Alintuntunin ng Etika ng IBAO. Magkakaroon ng mga kuwalipikasyon ng Superbisor para sa 10% ng mga kandidato. Ang mga superbisor ay sumasang-ayon na magsumite ng mga dokumento sa pagpapatunay upang patunayan ang kuwalipikasyon sa pamamagitan ng pagsang-ayon sa karanasang ito sa pangangasiwa.

Lawak ng Karanasan:

Lalahok ang kandidato sa probisyon ng serbisyong ABA sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga gawain at kasanayan na humahanay sa nilalaman ng Pagsasanay ng IBT na 40 na oras. Ang pangangasiwa ay maaring gawin nang personal sa mga sesyon ng indibidwal o grupo at nang malayo sa mga sesyon ng indibidwal o grupo.

Kasunduan sa Pangangasiwa ng IBT (pagpapatuloy)



Mga Kinakailangan:

Sumasang-ayon ang kandidato na panatilihin ang talaan ng mga gawain sa pangangasiwa.

Sumasang-ayon ang superbisor na pumirma sa mga oras na inilaan sa angkop na mga gawain at hindi ipagkakait ang lagda ng mga gawain sa pangangasiwa kung ang oras ay isinagawa nang angkop.

Sumasang-ayon ang superbisor at kandidato na i-upload ang Supervision Documentation Form para sa bawat pulong ng pangangasiwa.

Pipili ang superbisor ng dalawang set ng kasanayan at tatasahin niya ang mga ito ayon sa Candidate Skills testing Form. Ia-upload ng superbisor ang Candidate Skills Testing Form para sa mga CST.

Ang kontrata ay pwedeng tapusin anumang oras ng alinmang partido. Gayunman, dapat gawin ang lahat ng hakbang upang malutas ang anumang di-pagkakaunawaan upang hindi maantala ang oras ng pag-eensayo.

Responsibilidad ng kandidato na kumuha ng pahintulot ng kliyente na magbahagi ng impormasyon, data at kumpidensyal na impormasyon sa Superbisor.

Ang kandidato at superbisor ay sumasang-ayon na ang superbisor ang may pananagutan sa paggawa ng klinikal na pasiya, pagpatnubay sa kaso, at panangutan. Kapwa sila sumasang-ayon na ang IBAO ay hindi mananagot sa anumang negatibong klagayan na maaring bumangon mula sa paglalaan ng serbisyo at sa pamamaraan ng pangangasiwa.

Ang dalawang panig ay sumasang-ayon sa mga kondisyon ng dokumentong ito at magsasagawa ayon sa mga Panuntunan sa Etika ng IBAO.

Lagda ng Kandidato: _____

Ang nakalimbag na Pangalan ng Kandidato: _____

E-mail ng Superbisor: _____

Lagda ng Superbisor: _____

Nakalimbag na Pangalan ng Superbisor: _____

E-mail ng Superbisor: _____

Upang simulan ang 300 oras na pangangasiwa sa gawain, ang kasunduan sa Pangangasiwa ay dapat na lagdaan ng kandidato at ng superbisor. Kapag napirmahan na, maaring simulan ng kandidato ang pag-eensayo sa ilalim ng pangangasiwa.

Nasubaybayang Pagsasanay

Di-kukulangin sa 300 oras ng pag-eensayo na pinangangasiwaan ang kinakailangan upang maupuan ang IBT exam.

Isang (1) oras ng pangangasiwa ang kilangan para sa bawat 30 oras ng pag-eensayo

Walang mga paghihigpit sa bilang ng oras na maaring matapos bilang mga oras ng tuwirang pag-eensayo. Samakatuwid, 100% ng mga oras na pinangangasiwaan ay maaring mula sa kandidato ng IBT na naglalaan ng mga serbisyo.

Isang oras ng pangangasiwa ang kailangan sa bawat 30 oras ng pag-eensayo. Ang pangangasiwa ay maaring mangyari anumang oras sa loob ng 30 oras. Isang oras ng pangangasiwa ang kailangan para sa unang 30 oras ng pagsasanay (1 – 30); isang oras ang kailangan para sa susunod na 30 oras na ensayo ng kandidato (31-60); At, bawat kasunod na 30 oras ng pag-eensayo (61-90, 91 – 120, atbp.) ay nangangailangan ng isang oras ng pangangasiwa.

Ang 30 oras ng pag-eensayo ay maaring mangyari sa loob ng 1 linggo, 2 linggong yugto, o mas mahaba pa. Gaano man katagal bago matapos ang 30 oras ng ensyo, isa sa 30 oras na iyon ay kailangan ang pangisawaan.

Ang isang kandidato ay makakakuha ng mahigit sa isang oras na superbisyon sa bawat 30 oras, ngunit isang oras lamang sa bawat 30 na bibilang sa 10 oras ng pangangasiwa sa kailangan upang makaupo para sa IBT exam.

Maaring makumpleto ang lahat ng oras ng pangangasiwa sa pamamagitan ng mga pamamaraan sa distansya.

Ang kontroladong oras ng pagsasanay ay maaring magsimula agad pagkatapos magparehistro at lagdaan ang Supervisor Agreement. Ang mga oras na ito ay maaring dumating samantalang ang kandidato ay kumukuha ng 40 oras ng pagsasanay. Ang 40 oras na pagsasanay ay hindi kailangang matapos bago magsimula ang kontroladong mga oras ng pagsasanay.

Nasubaybayang Pagsasanay (Pagpapatuloy)

Ang pangangasiwa sa grupo ay magiging katanggap-tanggap nang hindi hihigit sa 5 sa 10 (50%) oras ng kinakailangan pangangasiwa.

Ang pangangasiwa ng grupo ay lilimitahan sa mga grupong may minimum na 5 kandidato.

Maaaring gumamit ang kandidato ng maraming superbisor sa buong proseso ng kanilang sertipikasyon/pagsasanay.

- Ang bawat superbisor ay kailangang magparehistro sa IBAO at kailangang makatugon sa mga kahilingan ng superbisor.
- Isang nilagdaang Kasunduan ng Superbisor ang dapat lagdaan bago magsimula ang gawaing pangangasiwa.
- Pinapanatili ng mga superbisor ang karapatan na tapusin ang kanilang panguluhang kaugnayan sa isang kandidato sa kaso ng isang malaking paglabag sa Mga Panuntunan sa Etika ng IBAO.

Dokumentasyon

Para sa bawat pagpupulong sa pangangasiwa, grupo man, distansya, o harapan, **kailangang makompleto ng superbisor at ng kandidato ang Supervision Documentation Form** upang mag-ulat ng impormasyon tungkol sa pagpupulong. Ang mga pormang ito ay tatapusin online sa pamamagitan ng pagla-log sa kanilang sariling IBAO account. Ang Supervision Documentation Form ay kailangan para sa bawat oras ng pangangasiwa para sa oras na iyon, at nabibilang sa 10 kailangang oras.

Kukumpletuhin ng *kandidato* ang Supervision Documentation Form at isusumite ito sa pamamagitan ng kanilang IBAO account. Pagkatapos, magpapadala ng e-mail ang IBAO platform sa supervisor na maglo-log-in sa kanilang account at tatapusin ang kanilang bahagi. Ang kandidato at ang superbisor ay parehong makakakuha ng form kapag ito ay natapos na at napirmahan na.

Kasama sa Kailangan Dokumentasyon ang:

- Petsa ng pangangasiwa ng pulong
- Lugar kung saan isinagawa
- Petsa
- Kabuuang mga oras ng Implementation na natanggap sa panahon ng pangangasiwa
- Kabuuang oras ng Programming na natanggap sa panahon ng pangangasiwa
- Uri ng pangangasiwa (grupo/indibidwal/atbp.)
- Kabuuang itinakdang mga oras para sa Tuwirang Pagmamasid sa panahon ng pangangasiwa
- Kabuuang mga oras na walang Obserbasyon na tinanggap sa panahon ng pangangasiwa
- Mga tala sa Pangangasiwa
- Feedback

Sa mga oras ng pangangasiwa sa pagsasanay, ang superbisor ng kandidato ay magdaraos ng Candidate Skills Testing (CST) sa pagpapatupad ng dalawang magkaibang set ng kasanayan na inaasahan sa kandidato batay sa mga papel at kasanayan na ipinakikita sa panahon ng pangangasiwa. Ang CST ay maaring naiiba para sa bawat kandidato. Walang mga bagong-halal na mga kasanayan na susuriin. Ang mga kasanayan na sinubok ay yaong mga pinapangasiwaan. Halimbawa, ang mga CST ay maaring idaos sa data collection, sa discrete trials implementation, language acquisition programs, functional skills program, assessment, reinforcement programs, graphing, atbp. Anumang kasanayan na itinakda mula sa 40 oras na pagsasanay sa IBT na pinapangasiwaan ng IBT ay isang katanggap-tanggap na kasanayan na itinakda sa CST.

Ang mga serbisyo at mga kasanayan na pinapangasiwaan ay yaong susuriin. Ang superbisor ang may pananagutan sa paglikha ng form na ginagamit sa mga layunin ng pagsusuri.

- Dapat saklawin ng CST ang di-kukulanging sa 10 bahagi ng isang set ng kasanayan na tumatagal nang hindi bababa sa 10 minuto.
- Di kukulangin sa 80% na katumpakan ang kailangan
- Kailangan ang dalawang magkaibang CST.
- Kailangan ang naiibang kasanayan para sa bawat CST.
- Ang CST ay isang pagsusuri sa pagiging kandidato ng paglalaan para sa paglilingkod na katulad na katulad ng isang pagsusuri sa katapatan sa paggamot.

Katulad ng mga kinakailangan sa pangangasiwa, ang mga CST ay maaring matapos na kasama ang superbisor sa pisikal na paraan, malayo tulad ng Hi Rasmus, Zoom, Facebook, atbp., o sa pamamagitan ng video recording.

Para sa Superbisor na gumagawa ng CST

Para lumikha ng CST Data Collection Sheet, sundin ang mga hakbang na ito:

- Magpasiya kung anong serbisyo o kasanayan ang dapat suriin.
- Lumikha ng pag-analisa ng tungkulin o bawat hakbang na listahan para sa napiling kakayahan
- Gumawa ng hindi bababa sa 10 puntos upang suriin sa loob ng kasanayan na susuriin.
- Lumikha ng sistema ng scoring (oo/hindi; +/-, atbp.).
- Umiskor ng pagtatanghal ng kandidato habang ipinapakita ang piniling kasanayan

Ang superbisor ng kandidato ay kailangang magsumite ng Candidate Skills Testing Approval Forms sa account ng superbisor.



Form ng Dokumentasyon ng IBT Supervision



Petsa: _____ Lugar kung
saan isinagawa: _____

Kandidato: _____ Supervisor: _____

Petsa kung kailan nagsimula ang Petsa kung kailan natapos ang
superbsyon: _____ superbisyon: _____

Oras ng Karanasan sa Oras ng Pangangasiwa
Yugtong ito: _____ Yugtong ito: _____

Uri ng pangangasiwa (bilugan ang isa): Grupo. Indibidwal

Paraan ng Pangangasiwa (bilugan ang isa): Obserbasyon Review ng Video Pulong

Mga tala: _____

FEEDBACK: _____

Lagda: _____

Form ng Pag-apruba ng mga Kasanayan ng Kandidato



Petsa: _____

Kandidato: _____

Superbisor: _____

Paglalarawan ng CST: _____

Lagda ng Kandidato: _____

Lagda ng Superbisor: _____

Kumpletuhin ang isang form bawat CST. Kailangan ang dalawang CST. Ang dalawang CST na ito ay kailangang gawin sa iba't ibang set ng kasanayan. Ang superbisor ng kandidato ay kailangang magdisenyo, mangasiwa, at mag-apruba (pasa/bagsak) sa hanay ng kasanayan ng kandidato. Kailangang punan ng superbisor ang form online sa account ng superbisor. Isang form ang kailangan para sa parehong CSTs na idinaraos. Walang form na kailangan kung sinuri ng superbisor ang proyekto upang maging hindi kasiya-siya. Walang limitasyon sa bilang ng mga CST na maaaring tangkain hanggang sa maipasa ang dalawa.

Halimbawa ng CST Data Collection Sheet

11

Petsa: _____ Kandidato: _____ Superbisor: _____

Oras ng Pagsisimula: _____ Oras ng Pagsisimula: _____ Tagal: _____

| | Pagsubok 1 | Pagsubok 2 | Pagsubok 3 | Pagsubok 4 | Pagsubok 5 |
|---|------------|------------|------------|------------|------------|
| Pagsasaayos ng mga materyales | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi |
| Pagkuha sa atensyon ng estudyante | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi |
| Pagbibigay ng Sd | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi |
| Pag-iintay ng 5 na Segundo bago tumugon ang estudyante | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi |
| Pag-reinforce sa tamang tugon | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi |
| Pagbibigay ng Sd at sumusunod na prompt kung mali ang tugon | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi |
| Pagtanggal ng mga materyales | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi |
| Pagtatala ng mga data | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi |
| Pag-aayos para sa susunod na pagsubok | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi |
| Pamamahala sa inter-trial na behavior | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi | Oo/ Hindi |
| | /10 | /10 | /10 | /10 | /10 |

Sa halimbawang ito ng CST para sa DTT, ang superbisor ay lumilikha ng CST para sa 10 iba't ibang component sa 5 paglilitis. Habang pinapatupad ng kandidato ang mga pagsubok, sinusuri ng superbisor ang katumpakan ng kandidato sa pagpapatupad nito. Sa halimbawang ito, bibilugan ng superbisor Oo para sa OO at Hindi para sa Hindi, para sa bawat bahagi ng pagsubok sa buong CST na may 5 paglilitis. Mangyaring tandan, ang halimbawang ito ay para lamang sa mga biswal na layunin ng halimbawa. Bawat CST ay dapat 10 minuto ang haba. Para sa ilang sesyon ng DTT, ang 10 minuto ay malamang na mas malapit sa 20 pagsubok para sa ilang sinasanay.

Ang isa sa pinakamahalagang aspekto ng pagiging sertipikado ng IBA ay ang patuloy na pag-aaral at paglinang ng propesyon. Dahil dito, 4 oras ng patuloy na pag-aaral ang kinakailangan bago ang sertipikasyon.

Kakailanganin ng bawat kandidato na idokumento na nakakuha sila ng mga CEU. Ang dokumentasyon ay nangangailangan ng pisikal na dokumento na malinaw na nagpapakita ng nilalaman at tagal ng pangyayari sa pagsasanay, kung kalian naganap ang pagsasanay, at kung sino ang nagbigay ng pagsasanay. Ang sumusunod na uri ng mga CEU ay tinatanaggap.

- Paglahok sa mga seminar sa online o sa mga tao, mga workshop, o mga pagsasanay sa ABA o Behavior Analysis- related na impormasyon.
- Presentasyon ng isang seminar, workshop, o pagsasanay sa ABA o sa Behavior Analysis – related na impormasyon.

Paunang pagpapatunay na CEUs

- 4 na Pagpapatuloy ng Yunit ng Edukasyon (mga CEU) ay kinakailangan
 - 1 oras ng Etika
 - 1 oras sa Pagkakasari-sari at Kabatiran ng Kultura
 - 2 oras sa isang ibang paksa ng ABA

Kapag naabot na ng mga kandidato ng IBT ang lahat ng kinakailangan, nagpaparehistro sila para sa online na eksaminasyon para maging IBT. Ang mga kahilingan para sa IBT na eksaminasyon ay ginawa para sa mas maraming tao sa buong mundo upang maipakita ang kanilang kakayahan.

- Walang mga kinakailangang test center.
- Walang biyahe sa iba't ibang bansa.
- Walang panggabing pamamalagi o karagdagang gastusin.
- Ang kailangan mo lang upang kumuha ng eksaminasyon ay isang tahimik at simpleng espasyo sa trabaho at koneksyon sa internet.
- Ang seguridad sa pagproseso ng eksaminasyon ay nakumpleto online.

Mga Detalye ng Pagsusulit upang maging IBT

- Online Exam, hindi kailangan ng Test Center
- Online at Virtual proctoring
- 75 na madaming pagpipilian o Tama/Mali na mga tanong
- 2 oras upang matapos ang eksaminasyon
- Nilalaman: Mga pangunahin sa ABA, disabilidad, pagkakaiba-iba ng mga pagtutro, mga estratehiyang batay sa ebidensya, at marami pa.



Pagkatapos mong maging sertipikado bilang isang IBT, kailangan mong matugunan ang ilang mga kinakailangan para mapanatili ang iyong sertipikasyon. Ang IBT ay may siklo ng sertipikasyon na 2 taon. Nangangahulugan ito na kapag ikaw ay napatunayan na, mananatili kang sertipikado sa loob ng 2 taon. Kada 2 taon kailangan mong muling tiyakin para mapanatili ang iyong sertipikasyon.

Upang Muling Mapatunayan Tuwing 2 Taon

- 8 Nagpapatuloy na mga Yunit ng Edukasyon (4 bawat taon)
 - 2 oras ng Etika (1 kada taon)
 - 2 oras ng Cultural Diversity at Awareness (1 bawat taon)
 - 4 sa mga Paksa ng ABA (2 bawat taon)
- Patuloy na pangangasiwa sa gawaing ABA

Pagtutuloy ng Edukasyon

Kakailanganin ng bawat IBT na idokumento na kumuha sila ng mga CEU. Nangangailangan ang dokumentasyon ng kurso ng aktibidad, ilang sertipikasyon o pisikal na dokumento na malinaw na nagpapakita ng nilalaman at tagal ng pangyayari ng pagsasanay.

- Paglahok sa mga seminar sa online o sa mga tao, mga workshop, o mga pagsasanay at impormasyon na nauugnay sa ABA
- Presentasyon ng isang seminar, workshop, o pagsasanay sa ABA o Pag-aanalisa ng gawi

Kasalukuyang Pangangasiwa

- Ang gawain ng lahat ng IBT ay pangangasiwaan ng isang kuwalipikadong superbisor
- Ang pangangasiwa ay maaaring sa personal o distansya, sa indibidwal o sa grupo, at maaaring maging 100% na tuwiran.
- Ang superbisor ng IBT ay kailangang nakarehistro sa IBAO at matugunan ang mga kahilingan ng superbisor.
- Maraming superbisor ang tinatanggap.
- Ang Supervision Documentation Form ay kailangan para sa bawat pulong ng pangangasiwa sa eksaktong paraan kung paano kinakailangan ang mga form sa pangangasiwa bago ang sertipikasyon.

Hinihiling ng IBAO na ang paglalaan para sa paglilingkod sa IBT ay pangasiwaan na HINDI KUKULANGIN sa 1 oras ng pangangasiwa sa bawat 40 oras ng pag-eensayo.



Ang pinakamahusay na pagsaanay ay nagpapahiwatig na dapat isagawa ang pangangasiwa sa mas mataas na antas kaysa sa 1 oras sa 40 na pag-eensayo. Ang isang IBT ay maaring mangailangan ng isang oras o superbisyon sa bawat 4-5 oras ng pagsasanay kapag nag-aaral ng bagong mga kasanayan, humahawak ng bagong kaso, o kapag bagong sertipikado. Ang kahilingan sa pangangasiwa na isang oras na pangangasiwa sa loob ng 40 oras nap ag-eensayo ay isang tiyak na minimum at ang aktuwal na bilis ay dapat na mas mataas kaysa sa ipinasya ng superbisor ng IBT batay sa mga "clinical context" at local na mga kalagayan.